# Lungsod ng Milpitas
# BLOKENG GAWAD SA PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD
# (GAWAD SA COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT, CDBG)
# Abiso sa Pagiging Available ng Pagpopondo
# (Notice of Funding Availability, NOFA)
# Magbubukas ang Panahon ng Aplikasyon para sa FY 2025-2026

**SA PAMAMAGITAN NITO AY NAGBIBIGAY NG ABISO** na ang panahon ng aplikasyon para sa Blokeng Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad ay magbubukas sa **Biyernes, Nobyembre 1, 2024, at magsasara sa Biyernes, Disyembre 6, 2024.**

Nakakatanggap ang Lungsod ng Milpitas ng pagpopondo ng CDBG mula sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pabahay at Kalunsuran (Department of Housing and Urban Development, HUD) para sa iba't ibang pampublikong serbisyo, aktibidad, at programa sa pabahay. Ipinapamahagi ang pagpopondo ng CDBG sa mga piniling programa batay sa pagiging posible at mga priyoridad na itinakda ng Konseho ng Lungsod. Kasama sa ilan sa mga nakaraang programa ang mga serbisyo sa nakatatanda, serbisyo sa kabataan, mga matutuluyan para sa mga walang tirahan, mga serbisyo sa pangangalaga ng bata, matutuluyan/mga serbisyo sa mga nakaligtas mula sa karahasan sa tahanan, pagsasaayos/rehabilitasyon ng bahay, abot-kayang pabahay, rehabilitasyon ng paupahang apartment, at pangkasaysayang preserbasyon.

**ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING** mag-apply sa sistema sa pamamahala ng gawad, ang Mga Serbisyo sa Datos ng Lungsod (City Data Services, CDS) (https://www.citydataservices.net/). Maaaring bisitahin ng mga aplikante ang webpage ng CDBG ng Lungsod para sa higit pang tagubilin sa kung paano mag-apply (https://www.milpitas.gov/475/Community-Development-Block-Grant-CDBG). Dapat isumite ang lahat ng aplikasyon **nang hindi lalampas sa Biyernes, Disyembre 6, 2024, nang 5 p.m**.

Para sa lahat ng tanong tungkol sa aplikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Pabahay (Housing Division) sa housing@milpitas.gov.

Alinsunod sa Batas sa Mga Amerikanong may Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act), gagawa ang Lungsod ng Milpitas ng mga makatuwirang pagsisikap para tulungan ang mga taong may mga kapansanan. Kung kailangan mo ng espesyal na akomodasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Pabahay sa (408) 586-3222 o housing@milpitas.gov.